# News Release

## BUKAS NA: Canada Drive Bridge

**VAUGHAN, NOONG (Setyembre 4, 2026)** – Ang Lungsod ng Vaughan ay naghahatid ng isa pang mahalagang imprastraktura upang matugunan ang pagsisikip ng trapiko at mapaganda ang daloy ng pagbiyahe sa buong lungsod sa pagkakakumpleto ng Canada Drive Bridge na tumatawid sa Highway 400.

Noong Setyembre 4, nagtipon-tipon sina Mayor Steven Del Duca, mga Miyembro ng Konseho, at iba pang mga kilalang tao upang ipagdiwang ang mahalagang tagumpay na ito sa imprastraktura, na magpapahusay sa pagkakaugnay ng mga daan, magbabawas sa pagsisikip ng trapiko, at magpapanatili ng maayos na daloy ng pagbiyahe sa Vaughan.

Ang kabuuang gastos sa konstruksiyon ng tulay ay tinatayang nasa $33 milyon, na nagpapakita ng matibay na pagtutulungan ng tatlong antas ng pamahalaan, kung saan ang bahagi ng Lungsod ay tinatayang $14.5 na milyon, ang $7.5 na milyon ay mula sa Pondo ng Pagpapabilis sa Pabahay ng pederal na pamahalaan, at ang natitirang halaga ay galing sa Rehiyonal na Munisipalidad ng York.

Ang proyekto ay naghuhudyat ng isa pang mahalagang tagumpay sa pagsisikap ng Lungsod na bumuo ng mas maayos at magkakaugnay na sistema ng transportasyon. Itinakda bilang pangunahing layunin sa Siyam na Puntong Plano ng Pagkilos Laban sa Pagsisikip ng Trapiko ng Konseho ng Vaughan, ang tulay ay mag-uugnay sa Canada Drive at America Avenue na tumatawid sa Highway 400, na bubuo ng mahalagang bagong daanan mula silangan patungong kanluran para sa mga mamamayan, negosyo, at mga bisita.

**MGA PANIPI**

“Labis akong nasasabik na makitang nagkakatotoo na ang isa pang mahalagang pangako sa Siyam na Puntong Plano ng Pagkilos Laban sa Pagsisikip ng Trapiko ng Lungsod ng Vaughan. Bilang Mayor, isa sa aking mga pangunahing prayoridad ay ang mapanatiling maayos ang daloy ng pagbiyahe sa Vaughan, at ang Canada Drive Bridge ay isang mahalagang hakbang pasulong. Sa pamamagitan ng pag-uugnay sa mga komunidad sa magkabilang panig ng Highway 400, pinatitibay ng bagong tulay na ito ang ating sistema ng transportasyon, tinitiyak ang maayos na pagbiyahe gamit ang sasakyan, bisikleta, o paglalakad, at bumubuo ng mahalagang daanan mula silangan patungong kanluran na makatutulong sa pagbabawas ng pagsisikip ng trapiko. Ang proyektong nagkakahalaga ng $33 milyon ay patunay din sa bisa ng pagtutulungan. Nais kong pasalamatan ang York Region at ang Pamahalaan ng Canada sa kanilang pakikipagtutulungan at pamumuhunan sa mahalagang imprastrakturang ito. Nais ko ring pasalamatan ang mga kawani

ng Lungsod na ang mga pagsisikap ay nakatutulong upang matapos ang proyektong ito. Sama-sama nating itinatatag ang mahalagang imprastraktura na kinakailangan ng ating lumalawak na lungsod sa kasalukuyan at para sa mga susunod na henerasyon."
- Mayor Steven Del Duca

"Ang pagkakakumpleto ng Canada Drive Bridge ay nagpapakita ng dedikasyon ng Vaughan sa pagbuo ng isang sistema ng transportasyon na mas magkakaugnay, mas maayos, at handang sumuporta sa paglago sa hinaharap. Ipinagmamalaki kong makitang natupad ang mahalagang proyektong ito at ang mga pakinabang na idudulot nito sa Ward 1 at sa buong lungsod. Salamat kay Mayor Steven Del Duca, sa mga kawani ng Lungsod, at sa lahat ng tumulong upang maisakatuparan ang proyektong ito, at salamat din sa ating mga residente sa patuloy na pagsuporta habang itinatatag natin ang isang Vaughan na mas magkakaugnay at mas madaling mapuntahan."
- Konsehal Marilyn Iafrate ng Ward 1

"Isang kagalakan na ipagdiwang ang mahalagang tagumpay na ito para sa Lungsod ng Vaughan at para sa bawat isa na naninirahan, nagtatrabaho, at bumabiyahe sa ating komunidad. Ang pagkakakumpleto ng Canada Drive Bridge ay isang mahalagang pamumuhunan sa kinabukasan ng Vaughan, na nagpapahusay sa pagkakaugnay ng mga daan, nagpapagaan sa pagsisikip ng trapiko, at nakatutulong upang mapanatiling maayos ang daloy ng pagbiyahe sa ating lungsod habang patuloy tayong lumalawak. Salamat sa mga kawani ng Lungsod sa kanilang dedikasyon at masigasig na paggawa, at kay Mayor Steven Del Duca sa kanyang pamumuno sa pagsusulong ng mahalagang proyektong ito. Nasasabik ako sa mga pangmatagalang pakinabang na idudulot ng bagong ugnayang ito sa mga residente, negosyo, at mga bisita sa mga darating na panahon."
- Konsehal Rosanna DeFrancesca ng Ward 3

"Ang pederal na pamahalaan ay nakatuon sa pagsuporta sa mga lungsod at munisipalidad habang isinasakatuparan nila ang mga hakbang upang maparami ang suplay ng pabahay. Sa pamamagitan ng Pondo ng Pagpapabilis sa Pabahay, nakikipagtulungan tayo nang malapit sa mga masigasig at makabagong munisipalidad tulad ng Lungsod ng Vaughan upang mapagaan ang pagkakaroon ng imprastrakturang kaugnay sa pabahay at mapabilis ang pagtatayo ng mga tahanan. Ang anunsyo ngayong araw ay patunay ng kung ano ang kaya nating makamit kapag tayo ay nagtutulungan. Magdudulot ito ng tunay na pagbabago para sa mga taong itinuturing na tahanan ang Vaughan."
- Jennifer McKelvie, Kalihim ng Parlamento para sa Ministro ng Pabahay at Imprastraktura at Miyembro ng Parlamento para sa Ajax

"Ang mga estratehikong pamumuhunan sa imprastraktura ng transportasyon ay mahalaga upang suportahan ang paglago at maitatag ang mga ganap na komunidad. Masaya ang Konseho ng York Region na nakipagtulungan sa Lungsod ng Vaughan at sa Pamahalaan ng Canada sa proyekto ng Canada Drive Bridge, na magbubukas ng pagkakataon para sa mga bagong pabahay, magbabawas sa pagsisikip ng trapiko, at magpapahusay sa mga ugnayan sa buong sistema ng ating transportasyon. Sama-sama nating itinatatag ang imprastrakturang kinakailangan upang suportahan ang ating lumalawak na mga komunidad para sa mga susunod na henerasyon."
- Eric Jolliffe, Tagapangulo at CEO ng Rehiyonal na Munisipalidad ng York

**MABILISANG KATOTOHANAN**

- Noong Setyembre 4, nagtipon-tipon sina Mayor Steven Del Duca, mga Miyembro ng Konseho, at iba pang mga kilalang tao upang ipagdiwang ang pagkakakumpleto ng Canada Drive Bridge, na magpapahusay sa pagkakaugnay ng mga daan, magbabawas sa pagsisikip ng trapiko, at magpapanatili ng maayos na daloy ng pagbiyahe sa Vaughan.
- Ang kabuuang gastos sa konstruksiyon ng tulay ay tinatayang nasa $33 milyon, na nagpapakita ng matibay na pagtutulungan ng tatlong antas ng pamahalaan, kung saan ang bahagi ng Lungsod ay tinatayang $14.5 na milyon, ang $7.5 na milyon ay mula sa Pondo ng Pagpapabilis sa Pabahay ng pederal na pamahalaan, at ang natitirang halaga ay galing sa Rehiyonal na Munisipalidad ng York.
- Ang tulay ay mag-uugnay sa Canada Drive at America Avenue na tumatawid sa Highway 400, na bubuo ng mahalagang bagong daanan mula silangan patungong kanluran para sa mga mamamayan, negosyo, at mga bisita.

**ALAMIN ANG HIGIT PA**

- vaughan.ca/**CDBridge**
- Siyam na Puntong Plano ng Pagkilos Laban sa Pagsisikip ng Trapiko

-30-

**TUNGKOL SA VAUGHAN:** Ang Lungsod ng Vaughan ay isa sa mga pinakamabibilis na lumalagong lungsod sa Canada na may populasyong mahigit 344,412. Itinatag noong 1991, saklaw ng Vaughan ang mga komunidad ng Concord, Kleinburg, Maple, Thornhill, at Woodbridge. Ang munisipalidad na ito na may magkakaibang kultura ay matatagpuan sa gitna ng York Region at ng Greater Toronto Area.

**KONTAK NG MEDIA:** Lungsod ng Vaughan
Communications, Marketing and Engagement Department
905-832-2281 | corpcomm@vaughan.ca